

## OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 13, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Inisyu ng Long Beach ang Mga Binagong Utos sa Kalusugan, Mga Protokol**

***Mga Binagong Utos tumutugon sa kainan, isports ng kabataan, mga paaralan ng K-12 at mga lisensyadong pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan***

Long Beach, CA - Ngayon, ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach (Kagawaran ng Kalusugan) ang nag-isyu ng binagong utos sa kalusugan na may mga na-update na mga protokol na tumutugon sa mga liga ng isport ng kabataan, mga restawran na pang dine-in, [golf](#) at pagbubukas muli ng mga paaralan ng K-12. Ang Kagawaran ng Kalusugan ay nag-isyu din ng pagbabago sa Utos para sa mga Lisensyadong Congregate Health Care na Pasilidad.

“Ang pagpapanatili ng kaligtasan ng mga residente ay ang aming pinakamataas na prayoridad sa panahon ng emerhensiya ng kalusugan na ito,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Patuloy kaming ginagabayan ng siyensya at data sa pagtukoy kung paano at kung papayagan ang mga aktibidad.”

Inuulit ng binagong Utos sa Kalusugan na ang live na aliwan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, live na musika at pagtatanghal ay patuloy na ipinagbabawal. Maaaring tingnan ang buong utos [online](#).

### **Mga Protokol sa Pag-Dine-In**

Ang mga binagong Protokol sa Dine-In na Restawran ([Appendix H](#)) ng Utos ng Kalusugan ay nagdadagdag ng wika upang linawin na ang mga live na aliwan ay patuloy na ipinagbabawal, ayon sa utos ng Estado. Ang mga establisyemento na nagbebenta ng buong pagkain ay dapat itigil ang live na aliwan hanggang ang mga uri ng aktibidad na ito ay pinahihintulutan na magpatuloy.

### **Mga Protokol para sa Liga ng Isports ng Kabataan**

Nag-isyu din ang Kagawaran ng Kalusugan ng mga Protokol para sa mga Liga ng Isports para sa Kabataan ([Apendiks W](#)), na nakahanay sa patnubay ng Estado at mga protokol ng Los Angeles County. Pinapayagan lamang mga liga ng kabataan sa labas. Pinapayagan ang mga aktibidad tulad ng pagsasanay at pag kondisyon, subalit lahat ng

mga kaganapan sa palakasan sa kabataan kabilang ang mga paligsahan at kumpetisyon, ay ipinagbabawal sa ngayon. Pinapayagan ang mga laro ng pagsasanay sa mga manlalaro ng parehong team para sa walang-kontak na isports(kabilang ang singles tenis, golf, ilang mga kaganapan sa track and field, cheerleading na walang mga stunt, weightlifting, himnastiko, pagsisid, paggaod o paglalayag ng mag-isa at paglangoy) hangga't ang minimum na distansya na walong talampakan ay sinusunod. Ang mga kontak isports(kabilang ang basketboll, beisbol, soccer, water polo, buong-kontak na flag football, roller derby, rugby, wrestling, hockey, lacrosse, at rowing na team) ay hindi maaaring magsagawa ng mga laro sa kasanayan at kakailanganin na magsagawa ng pag-aayos sa paraan sa tradisyonal na pag-kondukta ng mga pagsasanay. Sa lahat ng oras, ang mga manlalaro, coach, at manonood ay kinakailangang magsuot ng panakip ng mukha na sumasakop sa ilong at bibig, maliban sa paglangoy, pagligo, pagkain, pag-inom o pagsasagawa ng solo na pisikal na aktibidad. Ang mga detalyadong pangangailangan na nauugnay sa pagbabahagi ng kagamitan, pag-screen ng mga atleta, pag-uulat ng mga kaso at higit pa ay nakalista sa dokumento.

### **Mga Protokol sa Pagbubukas Muli ng Mga Paaralan ng K-12 ng Long Beach**

Ang lahat ng mga paaralan ng K-12 sa Los Angeles County, kasama ang Lungsod ng Long Beach, ay maaaring lamang magbukas muli para sa malayuang pag-aaral hanggang sa matanggal ang County sa listahan ng pagsubaybay sa loob ng 14 na magkakasunod na araw. Nag-isyu ang Kagawaran ng Kalusugan ng isang itinanghal na diskarte upang payagan ang mga paaralan na ligtas na muling buksan sa pamamagitan ng mga Protokol sa pagbubukas muli ng mga K-12 na Paaralan ng Long Beach ([Apendiks X1](#)) at ang Plano sa Pamamahala sa Pagkalantad sa COVID-19: Protokol para sa mga K-12 na Paaralan K-12 ([Apendiks X2](#)) kapag ang County ay tinanggal sa Listahan ng Pagsubaybay. Ang Protokol sa Pagbubukas muli ng mga K-12 na Paaralan ay nagpapahintulot sa mga pampubliko at pribadong paaralan at programa nakabase sa paaralan sa Long Beach upang simulan ang pagpapalano para sa isang ligtas na pagbabalik sa kampus, sa oras na pahintulutan. Kasama sa mga protokol ang mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho upang maprotektahan ang kalusugan ng empleyado at mag-aaral; mga hakbang upang matiyak ang pisikal na pagdistansya; mga hakbang upang matiyak ang pagkontrol ng impeksyon; komunikasyon sa mga empleyado, mag-aaral, pamilya ng mga mag-aaral, at ang publiko; at mga hakbang upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga kritikal na serbisyo.

### **Mga Na-update ng Patnubay sa Mga Pasilidad sa Pangmatagalang Pangangalaga**

Sa wakas, ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglabas ng isang pagbabago sa Utos ng Kalusugan na magpapahintulot sa muling pagbalik ng komunal na kainan at pagpapalawak ng pagbisita, sa maingat na pagsusuri at pag-apruba lamang ng Kagawaran ng Kalusugan. Maaaring payagan ang mga pasilidad na palawakin ang kanilang patakaran sa pagbisita at napapasailalim sa "[Mga Patnubay para sa Pag-iwas at Pangangasiwa ng COVID-19 sa mga Skilled Nursing na Pasilidad](#)." Ang mga

pasilidad ay maaaring maging karapat-dapat na magpatuloy ng komunal na kainan at limitadong mga aktibidad na pang grupo pagkatapos na ang pasilidad ay hindi nagkaroon ng bagong pagsisimula ng mga kaso ng COVID-19 sa loob ng 14 na karagdagang araw at sa pagsuri at pag-apruba ng Kagawaran ng Kalusugan. Ang mga pasilidad ay maaaring maging karapat-dapat na ibalik ang pagbisita pagkatapos ng pasilidad na matagumpay na maitatag muli ang limitadong komunal na kainan at mga aktibidad ng grupo nang walang anumang bagong pagsisimula ng mga kaso ng COVID-19 sa loob ng 14 na karagdagang araw pagkatapos na ipatupad ang komunal na kainan at sa pagsusuri at pag-apruba ng Kagawaran ng Kalusugan. Bago pumasok sa ilang mga lisensyadong congregate na pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan, ang sinumang indibidwal na hindi isang pasyente, kasalukuyang residente o bagong residente ay dapat magsagawa ng pagsusuri sa sarili at pagsusuri sa temperatura para sa mga sintomas ng COVID-19. Ang mga indibidwal na may mga sintomas tulad sakit sa paghinga o lagnat ay hindi dapat pumasok sa mga pasilidad na ito sapagkat ang paggawa nito ay maaaring makapinsala sa mga pagsisikap na mapagaan ang pagkalat ng COVID-19.

Noong Agosto 13, 2020, nagkaroon ng hindi bababa sa 9,425 na positibong kaso ng COVID-19 at 188 na pagkamatay na iniulat sa Long Beach, kung saan 1,269 na positibong kaso at 127 pagkamatay ay nauugnay sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga.

Ang aksyon na ito ay ipinatupad ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod, na si Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa Emerhensiyang Kapangyarihan na ibinigay sa Manager ng Lungsod sa pamamagitan ng [Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya](#). Naging epektibo ito kaagad noong Agosto 13, 2020, at magpapatuloy hanggang sa mapalawak, tanggalin, o baguhin sa pagsulat ng Opisyal ng Kalusugan.

Para sa napapanahong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###